



PATNUBAY SA MISA

3 Pebrero 2019

Ika-4 na Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon K

Ang Hirap na Dapat Harapin ng Propeta

Tayo ay nasa Ikaapat na Linggo sa Karaniwang Panahon. Ang paksa ng ating mga pagbasa ay ang hirap na dapat harapin ng Propeta. Hindi madaling tanggapin ang pahatid ng Diyos. Dahil dito ang tagapagdala ng pahatid ng Diyos ay sasalungatin, aalipustain, at lalabanan ng mga tao.

Sa mga sakramento ng Binyag at Kumpil ay naging mga propeta rin tayo ng Diyos. Humingi tayo ng lakas sa pagdiriwang na itong maharap nang maayos ang mga hamon ng propeta.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Panginoon, 'yong iligtas at tipunin kaming lahat upang aming mailahad ang papuri naming wagas sa ngalan mong sadyang tanyag.

Pagbati

P– Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristong Dakilang Propeta, ang pag-ibig ng Diyos Amang humirang sa kanya bilang Propeta, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

B– At sumaiyo rin!

Pagsisihan

P– Nagsasaya tayo sa tapang ng Panginoong Hesus na siyang Propetang hinirang ng Diyos. Pagsisihan natin ang ating kawalan ng tapang na sundan ang kanyang

halimbawa. (Manahimik sandali.)

P– Para sa aming kawalan ng pananampalataya sa iyong paghirang sa amin bilang propeta, Panginoon, kaawaan mo kami.

B– Panginoon, kaawaan mo kami!

P– Para sa aming kahinaan ng loob na magpatotoo sa iyong pahatid sa mga tao, Kristo, kaawaan mo kami.

B– Kristo, kaawaan mo kami!

P– Para sa aming kakulangan ng pagmamahal sa iyo at sa aming takot na harapin ang mga pagsubok ng propeta, Panginoon, kaawaan mo kami.

B– Panginoon, kaawaan mo kami!

P– Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at dalhin tayo sa buhay na walang hanggan.

B– Amen!

Papuri

B– Papuri sa Diyos sa kaitaasan

at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P– Ama naming makapangyarihan, ipagkaloob mong kami’y makasamba sa iyo nang may loobing taimtim na totoo at kami rin nawa’y magmahal sa aming kapwa tao nang may damdaming ibinubunsod ng iyong Espiritu sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Jer 1:4-5.17-19

Si Jeremias ay hinirang ng Diyos bilang kanyang propeta bago pa siya ipinaglihi. Ang magiging kinabukasan ng tao at ang kanyang haharapin sa buhay ay matagal nang naitakda ng Diyos.

Ngunit kalakip ng lahat ng ito ang pagsubaybay at pangangalaga ng Poong Maykapal. Ang bawat hamong Kanyang ipadadala sa atin ay lalakipan Niya ng biyaya.

L–Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Jeremias

Noong paghahari ni Josias, kinausap ako ng Panginoon at sinabi niya, “Bago ka ipinaglihi, kilala na kita. Bago ka ipinanganak, itinalaga kita sa akin upang maging propeta sa lahat ng bansa.


Magpakatapan ka: humayo ka at sabihin mo sa kanila ang lahat ng iutos ko. Huwag kang matatakot sa kanila ngayon. Pag hindi ka sumunod sa akin, lalo kang matatakot kung naroon ka na sa kalagitnaan nila. Pakinggan mong mabuti ito, Jeremias! Ang bawat isa sa lupaing ito – ang mga hari ng Juda, ang mga pinuno, ang mga saserdote, at ang buong bayan – ay sasalungat sa iyo. Ngunit gagawin kitang sintibay ng isang lunsod na naliligid ng mga muog, sintatag ng haliging bakal, o pader na tanso. Hindi ka nila matatalo sapagkat ako ang mag-iingat sa iyo. Akong Panginoon ang nagsasabi nito.”

Ang Salita ng Diyos!
B– Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 70

B–Patuloy kong isasaysay ang dulot mong kaligtasan!

R. M. Velez



* Sa iyo lang, Panginoon, lubos akong nananalig, h’wag mo akong pabayaang mapahiya at malupig; tulungan mo ako ngayon yamang ikaw ay matuwid. Ako sana ay sagipin, sa daing ko ay makinig. **B.**

* Ikaw nawa ang muog ko at ligtas na kakanlungan, matatag na kublihan ko at matibay na sanggalang. Sa lahat ng masasama, O Diyos, ako’y ipaglaban, sa kuko ng mababagsik, huwag mo akong pabayaang. **B.**

* Panginoon, sa iyo ko inilagak ang pag-asa, maliit pang bata ako, sa iyo’y may tiwala na; sa simula at mula pa wala akong inasahang mag-iingat sa sarili, kundi tanging ikaw lamang; kaya naman ikaw, Poon, pupurihin araw-araw. **B.**

* Pagkat ikaw ay dakila, patuloy kong isasaysay, maghapon kong ihahayag ang dulot mong kaligtasan: sapul pa sa pagkabata ako’y iyong tinuruan, hanggang ngayo’y sinasambit ang gawa mong hinangaan. **B.**

Ikalawang Pagbasa 1 Cor 12:31-13:13

Naghahanap tayo ng mga paraan para maging tanyag at matagumpay sa buhay. Itinuturo ni San Pablo sa Dakilang Awit ng Pag-ibig na ang pag-ibig lamang ang tanging paraan upang makamantan ang nilulunggating tagumpay at kaganapan. Lahat ng gawain ay nawawalan ng saysay kung walang pag-ibig. Lahat naman ay nagiging mahalaga dahil sa pag-ibig.

L–Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

Mga kapatid: Buong taimtim ninyong nasain ang mga kaloob na lalong dakila. At ngayo’y ituturo ko sa inyo ang pinakamabuti sa lahat.

Makapagsalita man ako sa mga wika ng mga tao at ng mga anghel, kung wala naman akong pag-ibig, para lamang akong batingaw na umaalingawngaw o pompiyang na

tumataginting. Kung ako man ay may kakayahang maghayag ng salita ng Diyos at umunawa sa lahat ng hiwaga, kung mayroon man ako ng lahat ng kaalaman at ng malaking pananampalataya anupat napalilipat ko ang mga bundok, ngunit wala naman akong pag-ibig, wala akong kabuluhan. Ipamigay ko man ang lahat kong ari-arian, at ialay ko man ang aking katawan upang sunugin, kung wala naman akong pag-ibig, walang kabutihang maidudulot ito sa akin!

Ang pag-ibig ay matiyaga at magandang-loob, hindi nananaghili, nagmamapuri, o nagmamataas, hindi magaspang ang pag-uugali, hindi makasarili, hindi magagalitin, o mapagtanim sa kapwa. Hindi nito ikinatutuwa ang gawang masama, ngunit ikinagagalak ang katotohanan. Ang pag-ibig ay mapagbata, mapagtiwala, puno ng pag-asa, at nagtitiyaga hanggang wakas.

Matatapos ang kakayahang magpapahayag ng salita ng Diyos, titigil ang kakayahang magsalita sa iba’t ibang wika, mawawala ang kaalaman, ngunit ang pag-ibig ay walang katapusan. Hindi pa lubos ang ating kaalaman at ang kakayahan sa pagpapahayag ng salita ng Diyos; ngunit pagdating ng ganap, mawawala ang di-ganap. Noong ako’y bata pa, nagsasalita ako, nag-iisip at nangangatwirang tulad ng bata. Ngayong ako’y mayroon nang sapat na gulang, iniwan ko na ang mga asal-bata. Sa kasalukuyan, tila malabong larawan ang nakikita natin sa salamin, ngunit darating ang araw na makikita natin siya nang mukhaan. Bahagya lamang ang nalalaman ko ngayon; ngunit darating ang araw na malulubos ang kaalamang ito, tulad ng pagkakilala sa akin ng Diyos.

Ang tatlong ito’y nananatili: ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig; ngunit ang pinakadakila sa mga ito ay ang pag-ibig.

Ang Salita ng Diyos!
B– Salamat sa Diyos!

Aleluya Lu 4:18

B–Aleluya! Aleluya!
Ikaw, Kristo, ay sinugo upang sa dukha’y magturo, magpapalaya sa bilanggo.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Lu 4:21-30

Nahirapan ang mga kababayan ni Hesus sa Nazaret na tanggapin ang kanyang pagiging Propeta ng Diyos. Tinanggap ni Hesus ang kanilang pagtutol.

Inihalintulad niya ang kanyang sarili kina Propeta Elias at Eliseo sa Lumang Tipan. Sila rin ay hindi natanggap ng mga tao.

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
B – **Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon, nagsalita si Hesus sa sinagoga: “Natupad ngayon ang bahaging ito ng Kasulatan samantalang nakikinig kayo.” Pinuri siya ng lahat, at namangha sila sa kanyang napakahusay na pananalita. “Hindi ba ito ang anak ni Jose?” tanong nila.

Kaya sinabi ni Hesus, “Walang pagsalang babanggitin ninyo sa akin ang kawikaang ito: ‘Doktor, gamutin mo ang iyong sarili!’ Sasabihin din ninyo sa akin, ‘Gawin mo naman sa iyong sariling bayan ang mga nabalitaan naming ginawa mo sa Capernaum.’” At nagpatuloy ng pagsasalita si Hesus, “Tandaan ninyo: walang propetang kinikilala sa kanyang sariling bayan. Ngunit sinasabi ko sa inyo: maraming babaing balo sa Israel noong kapanahunan ni Elias nang hindi umulan sa loob ng tatlong tao’t kalahati at magkaroon ng matinding taggutom sa buong lupain. Subalit hindi sa kaninuman sa kanila pinapunta si Elias kundi sa isang babaing balo sa Sarepta, sa lupain ng Sidon. Sa dinami-dami ng mga ketongin sa Israel noong kapanahunan ni Eliseo, walang pinagaling isa man sa kanila; si Naaman pang taga-Siria ang pinagaling.”

Galit na galit ang lahat ng nasa sinagoga nang marinig ito. Nagtindingan sila, at ipinagtabuyan siyang palabas, sa taluktok ng burol na kinatatayuan ng bayan, upang ibulid sa bangin.

Ngunit dumaan siya sa kalagitnaan nila at umalis.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – **Pinupuri ka namin, Panginoon ng Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Ma-

riang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inililing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P – Tayo ay nagagalak sa handog ng Diyos sa atin, ang Kanyang Anak na Dakilang Propeta magpasawalang hanggan. Puno ng paghahangad na matanggap ang mga turo ni Hesus at makasunod sa kanyang mga yapak, ating sasambitin:

B – **Amang nagsugo kay Hesus, dinggin Mo ang aming panalangin!**

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang maging matatag sila sa pagtupad sa kanilang tungkulin bilang mga propeta sa ating panahon, manalangin tayo sa Panginoon!

B.

* Para sa lahat ng mga kabataan ng ating bayan, upang sa taong ito ng mga kabataan ay maging masigasig sila sa pagpapatotoo sa Magandang Balita ni Kristo at sa pagkakatatayuan nito sa kanilang mga kapwa-kabataan, manalangin tayo sa Panginoon!

B.

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang kilalanin nila ang mga propetang isinugo ng Diyos at igalang ang kanilang pagsaksi sa mga turo ni Kristo, manalangin tayo sa Panginoon!

B.

* Para sa mga taong dinidibdib ang kanilang pagiging propeta ng Diyos, upang hindi sila matalo ng takot at pagtutol ng mga ayaw pasakop sa Diyos, manalangin tayo sa Panginoon!

B.

* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa pagdiriwang na ito, upang lumago ang ating kaalaman

sa pahatid ng Diyos at maging masigasig sa pagpapatotoo rito, manalangin tayo sa Panginoon!

B.

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (*Tumigil sandali.*)

Manalangin tayo!

B.

P – Ama naming nagbubunyag ng Magandang Balita ng kaligtasan, hinirang Mo ang Iyong mga propeta upang magkalat ng Iyong pahatid sa lahat ng sulok ng daigdig. Isugo Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maging tapat kami sa pagiging mga propeta ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon.

B – **Amen!**



P – Manalangin kayo . . .

B – **Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, ang mga alay na ngayo’y aming iniha-handa sa hapag na ito na iyong dambana ay iyong tanggapin at gawaran ng pagpapala upang mapagsaluhan namin ang kaligtasan mong ginawa sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – **Amen!**

Prepasyo II

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat na pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Lubhang nabagbag ang kanyang loob sa pagkakamali ng tao sa sansinukob, kaya’t minabuti niyang siya’y ipanganak ng Birheng bukod mong pinagpala sa babaing lahat. Sa labi ng imbing kamatayan kami ay inagaw ng namatay mong Anak. Sa pagkabuhay niya, kami’y kanyang binuhay upang kaugnayan namin sa iyo’y huwag magwakas.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang

walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B– Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B –Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.



B– Ama namin . . .

P– Hinihiling namin . . .

B– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B– Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinaabang

P– Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinaabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ang mukha mong maawai'y pasinagin mo sa amin. Kami ay iyong kupkupin at huwag mong siphayuin ang hiling nami't dalangin.

Panalangin Pagkapakinabang

P– Ama naming mapagmahal, kaming nagsipakinabang sa piging ng aming kinamtang kaligtasan ay humihiling na iyong bigyang kaunlaran sa pananampalatayang wagas kailanman sa tulong ng panubos na ngayo'y iyong bigay sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!

PAGWAWAKAS



P–Sumainyo ang Panginoon.

B–At sumaiyo rin!

P–Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (Manahimik sandali.)

Tulutan nawa ng Panginoong kayo'y maging karapat-dapat na kasangkapan ng Kanyang pagmamahal.

B–Amen!

P–Magkaroon nawa kayo ng mas malalim na pagpapahalaga sa

kaloob Niyang buhay.

B–Amen!

P–Palakas nawa Niya kayo sa harap ng pagsubok at gawing matalino sa inyong pagpapasiya.

B–Amen!

P–Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama at Anak at Espiritu Santo.

B–Amen!

P–Naialay na ang Eukaristiya. Humayo na kayo sa kapayapaan ni Kristo!

B–Salamat sa Diyos!

ANG BUHAY-PROPETA

Ang Panginoong Hesus ay ang Mesias, ang Kristo, ang Hinirang ng Diyos. Ang paghirang ng Diyos ay ipinapakita sa pagbubuhos ng Banal na Langis. Ang unang hinirang ng Diyos ay ang **Pari**. Ito ang ginawa ni Moises sa unang punong pari, ang kanyang kapatid na si **Aaron**: “Binusan niya ng langis ang ulo ni Aaron bilang pagtatalaga” (Levitico 8:12). Ang ikalawang hinirang ng Diyos ay ang **Hari**. Ganoon nga ang ginawa ni Samuel sa unang dalawang hari ng Israel: “Kinuha ni Samuel ang sisidlan ng langis at binusan ang ulo ni **Saul**” (1 Samuel 10:1a); “Kinuha ni Samuel ang sisidlan ng langis at pinahiran si **David** sa harapan ng kanyang mga kapatid. At mula noon, sumakanya ang Espiritu ng Panginoon” (1 Samuel 16:13). Ang ikatlong hinirang ng Diyos ay ang **Propeta**. “Sinabi sa kanya (**Elias**) ng Panginoon: ‘Bumalik ka sa iyong dinaanan . . . Pahiran mo ng langis si **Eliseo** na anak ni **Safat** na taga-Abel-mehola, bilang propetang hahalili sa iyo’” (1 Hari 19:15a, 16b).

Sa tatlong uri ng mga hinirang ng Diyos, ang talagang sinubok, pinahirapan, at ipinapatay ay ang Propeta. Tinuligsa nga ni Hesus ang pagpapapatay sa mga Propeta. “Ipinagtatayo ninyo ng mga libingan ang mga propeta at ginagayakan ang mga puntod ng mga taong

namuhay nang matuwid. At sinasabi ninyo, ‘Kung kami sana’y nabuhay sa kapanahunan ng aming mga ninuno, hindi namin ipapapatay ang mga propeta.’ Sa sinabi ninyong iyan, inaamin ninyong kayo’y mga anak ng mga nagpapatay sa mga propeta!” (Mateo 23:29b-31) Ang mga nagsabing hindi nila ipapapatay ang mga propeta ay siyang mga nagpapatay sa Uliirang Propeta – ang Panginoong Hesuskristo. “Ang mga tao nama’y sinulsulan ng mga punong saserdote at ng matatanda ng bayan na hilingin kay Pilato na si Barabbas ang palayain, at si Hesus ay ipapatay” (Mateo 27:20). Mahirap tanggapin ang propeta dahil sa Salita ng Diyos na kanyang hatid.

Bakit nga ba mahirap tanggapin ang pahatid ng Diyos? Ang unang dahilan ay ang paghahangad ng taong gawin ang kanyang nais at hindi ang kalooban ng Diyos. Ang Salita ng Diyos ay ang salamin ng Kanyang ninanais. Laging mahirap itong tanggapin. Ang ikalawang dahilan ay ang mataas na pamantayan ng Diyos. Laging hirap ang taong abutin ang matayog na pamantayang ito. Ang ikatlong dahilan ay ang paraan ng paghahatid ng propeta. Dahil sa siya ay tao lamang, hindi laging malinaw ang Salita ng Diyos na nababasa sa kanyang buhay. Si Hesus lamang ang malinaw na salaming kakikitaang mabuti ng pahatid ng Diyos.



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Dagui

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: Fr. B. Nolasco • Circulation: R. Saldua